


KLASE SA HISTORIOGRAPIYA NI DR. ZEUS SALAZAR

# MARTES sa ESCALER

Mark Joseph P. Santos
Axle Christien J. Tugano
*mga patnugot*

Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar

MARTES SA ESCALER

Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar

# MARTES SA ESCALER

**Mark Joseph P. Santos**
**Axle Christien J. Tugano**
Mga Patnugot

Bagong Kasaysayan
Lunsod Quezon

**BAGONG KASAYSAYAN, INC. –**
**BAHAY SALIKSIKAN NG KASAYSAYAN**

**ISBN 978-621-8177-05-5**

**Karapatang-Ari 2019** © Bagong Kasaysayan Inc.

**RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN**. Sarili ng Bagong Kasaysayan Inc. ang lahat ng karapatan sa lathalaing ito. Anumang bahagi ay hindi maaaring kopyahin o sipiin ninuman sa anumang paraan nang walang pahintulot ng pamatnugutan ng Bagong Kasaysayan Inc.

Bagong Kasaysayan, Inc.
Unit 2, No. 35A Escaler St.,
Loyola Heights, Lunsod Quezon

**Nobyembre 2019**

HANDOG SA MGA ISKO AT ISKA
NG SINTANG PAARALAN

# NILALAMAN

**Pasasalamat** ........................... Xi

**Paunang Salita**
Dr. Ma. Carmen V.
Peñalosa ........................... xiii

**Panimula:**
**Ang Guro sa**
**Bahay Escaler**
Mark Joseph P. Santos ........................... 1

## Unang Bahagi:
## Metodolohiyang Pangkasaysayan

**Kabanata I**
**Kritikang Panlabas**
*Hulyo 3, 2018*
Jeremiah Montejo ........................... 13

**Kabanata II**
**Kritikang Panloob**
*Hulyo 10, 2018*
Nimrod Zedric Rubia ........................... 33

## Ikalawang Bahagi:
## Mga Pantulong na Disiplina

**Kabanata III**
**Antropolohiya, Arkeolohiya, at**
**Kasaysayan**
*Hulyo 17, 2018*
Ven Manuel John
Buenaventura ........................... 45

**Kabanata IV**
**Sosyolohiya, Lingguwistika at Kasaysayan**
*Hulyo 24, 2018*
Nikko Jay Ramos
Reginald Reginaldo .................................... 55

**Kabanata V**
**Ekonomiks at Kasaysayan**
*Hulyo 31, 2018*
Rizza Mae Soledad .................................... 65

**Kabanata VI**
**Sikolohiya at Kasaysayan**
*Hulyo 31, 2018*
Jomarie Ecleo .................................... 71

**Kabanata VII**
**Agham Pampulitika, Kaalamang Bayan, at Kasaysayan**
*Agosto 7, 2018*
Jedidia Abu
John Adrianfer Atienza .................................... 79

## Ikatlong Bahagi: Mga Naratibong Pangkasaysayan

**Kabanata VIII**
**Biograpiya, Kasaysayang Pampook at Kasaysayan**
*Agosto 14, 2018*
Michael Angelo Cruz .................................... 93

**Kabanata IX**
**Kasaysayang Pambansa at Kasaysayang Pandaigdig**
*Agosto 21, 2018*
Danica dela Paz .............................. **105**

**Kabanata X**
**Imperyalismo at Kolonyalismo**
*Agosto 28, 2018*
Villy Gray Gomez .............................. **123**

**Kabanata XI**
**Katuturan ng Espanya at Amerika sa Kasaysayan ng Pilipinas**
*Setyembre 4, 2018*
Christine Joy Miguel .............................. **131**

**Kabanata XII**
**Panitikan Bilang Batis Pangkasaysayan at Katuturan ng Hapon sa Kasaysayan ng Pilipinas**
*Setyembre 12, 2018*
Ashely Jane Osano
Reign Narish Pedrina
Audrey Quibot
Christian Ely Rellis .............................. **141**

**Kabanata XIII**
**Sinema at Sekta Bilang Batis Pangkasaysayan**
*Setyembre 18, 2018*
Albert James Sampaga
Rhea Marie Sombilon
Merry Joy Tinaliga
Princess Anne Virtus .............................. **153**

**Pagsasara ng Tabing: Konklusyon sa Makabuluhang *Mentoring* ni Dr. Zeus A. Salazar**
Axle Christien J. Tugano ............................... 161

**Bibliograpiya** ............................... 167

**Apendise I Ehemplong Katitikan sa Klase ng Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar sa PUP (Hulyo 30, 2018** ............................... 185

**Apendise II: Balangkas ng Kurso sa Historiograpiya Ayon sa Klase ni Dr. Zeus A. Salazar** ............................... 195

**Indeks** ............................... 213

**Ukol sa Pabalat** ............................... 219

**Ukol sa mga Patnugot** ............................... 221

# PASASALAMAT

Tulad ng anumang aklat, hindi magiging posible ang kasalukuyang lathalaing ito kung wala ang tulong ng ilang indibiduwal.

Unang una nang marapat na pasalamatan si Dr. Carmen Peñalosa sa kanyang magiliw na pagtanggap sa mga patnugot at mga mag-aaral ng PUP tuwing Martes sa Bahay Escaler. Hindi matatawaran ang kanyang suporta, hindi lamang sa klase ni Dr. Salazar sa PUP, kundi sa lahat ng adhikaing pangkasaysayan nito. Lubos ding pinapasalamatan ang kanyang pagbibigay ng paunang salita sa aklat na ito.

Ang pasasalamat ay pinapaabot din kay Dr. Raul Roland Sebastian, na nagpasimula ng ideya na paanyayahan si Dr. Salazar na magturo sa PUP. Ang kanyang opisina bilang direktor ng Institute of Human and Social Development, na naging lugar-pahingahan ni Dr. Salazar tuwing Sabado ang naging lunduyan ng ilang kwentuhan na nagpalago ng proyektong ito.

At siyempre pa, walang mabubuong aklat kung hindi dahil sa kabutihang loob ni Dr. Zeus Salazar na ibahagi ang kanyang kaalamang pangkasaysayan, hindi lamang sa mga mag-aaral, kundi sa mga patnugot din. Tila nagsilbing libreng gradwadong kurso sa historiograpiya sa ilalim niya bilang *mentor* ang ilang buwang talastasan tuwing Martes sa Escaler.

# PAUNANG SALITA

Ang kasalukuyang aklat ay produkto ng masigasig na pagsusumikap ng mga mag-aaral ng BA Kasaysayan sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa sa ilalim ng klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar. Tinatangka nitong maitala para sa salinlahi ang mga kaganapan sa kanilang suplemental na klase tuwing Martes sa Bahay Escaler, ang tahanan ng kanilang Guro.

Magkagayunman, hindi ito talaga maitatangi sa mahabang kasaysayan ng pagtuturo ni Salazar. Ang pagka-katitikan/pagpapakatitikan higit sa lahat ay isa nang *signature style* sa pagtuturo ni Salazar mula pa noong dekada 1970. Mababanggit din ang kinagawian niyang pagdaragdag ng oras labas sa opisyal na oras ng klase upang magpalalim ng mga paksang inaral sa loob nito, kung hindi man sa mga kapihang matatagpuan sa kaligiran ng U.P. campus kung saan siya nagturo nang may 40 taon, at sa Bahay Gomburza mismo, ang dating tahanan ni Salazar. Nakahanay din ang kasalukuyang aklat sa mga publikasyong nabuo ng mga dating klase ni Salazar, mula sa kanyang masusing paggabay sa pagbabalangkas ng mga paksa hanggang sa pagsusuri mismo sa nilalaman ng mga papel ng kanyang estudyante. Ang lahat ay nagawa sa loob ng isang semestre, bilang bahagi ng pagsasanay ng Guro sa kanyang mga estudyante sa historiograpiya at sa paglilimbag.

Sa madaling sabi, hindi nagtatapos ang mga klase ni Salazar sa mandato ng CHED na ilang 150 contact hours. Sa katunayan, kasama na sa reputasyon ni Salazar ang pagtatambak ng mga kahilingan sa klase, bagay na madalas nagpapadoble o triple sa oras na kinakailangang ilaan ng isang estudyante sa pag-aaral ng mga paksa sa kanyang klase. Taliwas sa ibang mga guro magkagayunman, nagdodoble o triple rin ang personal na oras na inilalaan ni Salazar sa

kanyang mga estudyante, huwag nang banggitin pa ang paglobo rin ng kanyang personal na pamumuhunang pinansyal sa salu-salong nagaganap tuwing klase, kadalasan pagkatapos ng mahabang lektura, ng mainit na balitaktakan, at mahaba at paulit-ulit na sermon na ibinabato sa paraang magkaminsa'y pabiro pero may malupit na hagupit. Ika nga ng kanyang mga estudyante, ganyan siya magpahalaga sa kanyang mga mag-aaral, "karinyo brutal!"

Totoong pamumuhunang maituturing ang ginagawa ng Guro dahil kaakibat ng atensyong kanyang ibinuhos sa kanyang mga mag-aaral ang pangarap ni Salazar na masusuklian ang lahat pagdating ng oras, sa pagpapaunlad ng kaalaman ng bawat isa, sa paglilinang ng kani-kanilang kasanayan sa larangan ng Kasaysayan, at sa higit na pangmatagalang pag-unlad ng kani-kanilang karera sa akademya, bagay na napatunayan na niya sa ibang mga pagkakataon. Nakapaloob ang lahat sa hangarin niyang mapaunlad ang bansa sa pamamagitan ng pag-unlad ng pagsusulat ng Kasaysayan sa wikang pambansa.

Hindi mahirap humanga kay Salazar. Sa mga totoong nakakikilala sa kanya, batid nila na ang walang pag-aalinlangan at kadalasang malupit na opinyon ni Salazar sa mga paksa, at maging sa mga tao, ay nagbubukal sa malalim na respeto niya sa karunungan at walang pasubaling pagpapahalaga sa pagsasalinlahi nito. Dulot nito ang walang kompromisong pagtangan niya sa kapantasan. Ito ang dahilan kung bakit ganun na lamang ang bilis ng inis at lalim ng galit niya sa mga ipinapalagay niyang nagpapanggap o mapagpanggap na akademiko at sa mga mapangahas na bagitong "iskolar." Dito rin nagbubukal ang taas ng ekspektasyon niya sa kanyang mga mag-aaral. Ang paulit-ulit na pag-ulan ng sermon sa klase, subalit ang magiliw din at awtentikong tiwala sa kayang maibigay at maabot ng bawat isa, gustuhin lamang at pagsumikapan. Ang mga maituturing na maliliit na bagay sa mata ni Salazar ay mistulang bahagi ng mga hiblang

bumabaybay sa buhay ng indibidwal patungo sa Bayan at ng kinabukasan kapwa ng mga ito. Walang maliit na gawain kung gayon.

Mayroon lamang gawain para sa Bayan! Hindi nakapagtataka samakatuwid na maging ang mga mag-aaral ng P.U.P., pamantasang tinatawag ni Salazar na kasalukuyang lunduyan ng mga totoong pag-asa ng Bayan, ay nakatikim ng kanyang lupit. Sa totoo lang kulang pa kung ihahambing sa lupit niya bilang guro sa kanyang kabataan, sa kanyang mga klase sa Unibersidad ng Pilipinas noon o kung ihahambing sa pagtatambak niya ng mga kahilingan sa kanyang mga estudyante sa programang gradwado. Magkagayunman, malupit pa rin ang Guro at ang kanyang Gahum ay nag-iiwan pa rin ng marka sa kanyang mga mag-aaral. Saksi rito ang kasalukuyang aklat at ang bawat isang nag-ambag dito, lirip sa mga pangarap ng Guro na sinasalamin nito. Gaya ng makailang ulit na sinabi ni Salazar sa klase, "Sa ayaw at sa gusto niyo, magiging historyador kayo para sa Bayan!" At sa sinambit niya noong huling Martes ng pagtitipon ng kanyang klase sa Escaler, "20 years from now, mula sa kalangitan, titingin ako sa ibaba, sisilipin ko ang 6th floor ng PUP Main. Hahanapin ko kung sinu-sino sa inyo ang nagtuturo bilang mga guro sa Departamento ng Kasaysayan. By that time, may sarili nang pangalan ang Departamento sa larangan ng Kasaysayan. Nawa ipagpatuloy ninyo ang mga pananaliksik na nasimulan. Kayo ang pag-asa ko!"

Bagamat maituturing nga marahil, gaya ng ipinapalagay na ng ilan, na panulukang bato ang 2018 sa kasaysayan ng Departamento ng Kasaysayan, taon ng unang pagtuturo ng Guro dito, tunay na magkakasaysay lamang ito kung ang nasimulan nang mga gawain ay papag-ibayuhin ng mga anak nito, ng ngayo'y maituturing ring anak ni Salazar sa agham at sining ng KASAYSAYAN.

Ma. Carmen Penalosa, DPA

# UKOL SA MGA PATNUGOT

**Mark Joseph P. Santos**

Nagtapos ng Batsilyer ng Sining sa Kasaysayan, *cum laude* (2015) at Postbaccalaureate in Teacher Education (2017) sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang Master of Divinity sa Manila Theological College. Nailathala ang kanyang "Ang Retorika ng Rehimeng Duterte at ang Kulturang Pilipino" sa *Historical Bulletin* Volume 51 (2017) ng Philippine Historical Association, gayundin ang "Kulturang Materyal bilang Batis at Larangan ng Kasaysayan" sa *Saliksik E-Journal* Tomo 7, Bilang 3 (Nobyembre 2018). Liban sa presentasyon sa mga lokal na kumperensya, nagbasa siya ng papel ukol sa ambag ni Zeus Salazar sa Araling Timog Silangang Asya sa isang internasyunal na kumperensya na ginanap sa University of Lisbon, Portugal noong Disyembre 2018.

**Axle Christien J. Tugano**

Nagtapos ng Batsilyer ng Sining sa Kasaysayan (Balediktoryan, *magna cum laude*) noong 2015 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Tinatapos ang kanyang M.A. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Nakapaglathala ng mga saliksik sa *Saliksik E-Journal* (2017); *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* (2018); *Bagong Kasaysayang* (2018); at marami pang iba. Tagapagtatag at Pangulo ng Kapisanan ng mga Mananaliksik sa Kasaysayan ng Marikina (KAMAKASAMA). Nagbasa ng kanyang pananaliksik sa Jakarta, Indonesia (2018) at Lisbon, Portugal (2018). Isang manlalakbay na nakarating sa 25 mga bansa sa Asya, Europa, at Pasipiko. Nakapagturo sa PUP, Our Lady of Fatima University, at Gentle Angels School. Kasalukuyang Instruktor sa Lyceum of the Philippines University.